| Aralin 1 | الدرس الأول |
|---|---|

# Ang Saláh

1. Ang saláh o ang dasal ay ang ikalawang haligi sa limang haligi ng Islam. Ito ay tungkuling dapat gampanan ng bawat Muslim at Muslimah na nasa wastong gulang (15 taon pataas) at may sapat na pag-iisip. Ang sinumang tumigil sa pagsagawa ng saláh ay maituturing na Káfir ayon sa nagkakaisang hatol ng mga pantas ng Islam. Sa lahat ng gawa ng tao, ang kanyang pagsasagawa ng saláh ang una niyang pananagutan sa Araw ng Paghuhukom.
2. Ang pagsasagawa ng saláh sa *jamá'ah* (kongregasyon) sa masjid ay tungkulin ng mga lalaki. Ang limang saláh sa araw at gabi ay ang saláh sa fajr (madaling araw), saláh sa dhuhr (tanghali), saláh sa 'asr (hapon), saláh sa maghrib (paglubog ng araw), at saláh sa ishá' (gabi).[1] Itinatagubi-lin sa isang Muslim na pumunta sa masjid nang panatag at mahinahon at itinatagubilin ding magsagawa ng dalawang rak'ah na saláh na kung tawagin ay saláh ng pagbati sa masjid bago maupo.
3. Kailangang takpan ang 'awrah sa pagsasagawa ng saláh. Ang pagharap sa Qiblah o dakong kinaroonan ng Makkah ay isa rin sa kundisyon upang maging tanggap ang saláh.
4. Kailangang isagawa ang saláh sa takdang oras nito. Hindi tanggap ang saláh na isinagawa bago sumapit ang takdang oras nito, maliban na lamang kung naglalakbay. Ipinagba-bawal ang pagpapahuli sa pagsagawa ng saláh sa takdang oras nito.
5. Kailangang isagawa ng isang Muslim ang saláh nang may kapanatagan at kababaang-loob.

[1] Ang fajr, dhuhr, 'asr, maghrib at 'ishá', na mga pangalan ng mga takdang oras ng saláh, ay ipinantatawag din sa saláh sa takdang oras na iyon.